| MATATAG K to 10 Kurikulum Lingguhang Aralin | Paaralan: | | Baitang: | 3 |
|---|---|---|---|---|
| | Pangalan ng Guro: | | Asignatura: | Makabansa |
| | Petsa at Oras ng Pagtuturo: | JULY 14 - 18, 2025 (WEEK 5) | Markahan at Linggo: | Unang Markahan |

| | UNANG ARAW | IKALAWANG ARAW | IKATLONG ARAW | IKAAPAT NA ARAW |
|---|---|---|---|---|
| **I. NILALAMAN, MGA PAMANTAYAN, AT MGA KASANAYANG PAMPAGKATUTO NG KURIKULUM** | | | | |
| *A. Pamantayang Pangnilalaman* | Nauunawaan ang kasaysayan ng kinabibilangang pook bilang bahagi ng mas malawak na komunidad. | | | |
| *B. Pamantayan sa Pagganap* | Nakagagawa ng likhang sining na nagpapakita ng kasaysayan at pagbabagong nagaganap sa kinabibilangang komunidad. | | | |
| *C. Mga Kasanayang Pampagkatuto* | Naipaliliwanag ang mga pagbabagong naganap sa kinabibilangang komunidad. | | | |
| *D. Mga Layunin* | Nailalahad ang mga pagbabagong naganap sa kinabibilangang komunidad sa pamamagitan ng iba't ibang sining (pagguhit, paggawa ng simpleng graf, pagkukuwento) ayon sa tao at populasyon. | Naisa-isa ang mga pagbabagong naganap sa kinabibilangang komunidad sa pamamagitan ng iba't ibang sining (pagguhit, paggawa ng simpleng graf, pagkukuwento) ayon sa kabuhayan. | Natutukoy ang mga pagbabagong naganap sa kinabibilangang komunidad sa pamamagitan ng iba't ibang sining (pagguhit, paggawa ng simpleng graf, pagkukuwento) ayon sa pananamit. | Nasasabi ang mga pagbabagong naganap sa kinabibilangang komunidad sa pamamagitan ng iba't ibang sining (pagguhit, paggawa ng simpleng graf, pagkukuwento) ayon sa libangan. |
| **II. NILALAMAN/PAKSA** | Pagbabagong naganap sa kinabibilangang komunidad (Tao at Populasyon) | Pagbabagong naganap sa kinabibilangang komunidad (Kabuhayan) | Pagbabagong naganap sa kinabibilangang komunidad (Pananamit) | Pagbabagong naganap sa kinabibilangang komunidad (Libangan) |
| **III. MGA KAGAMITANG PANTURO AT PAMPAGKATUTO** | | | | |
| *A. Mga Sanggunian* | G3 Matatag Curriculum Guide, p 39 | G3 Matatag Curriculum Guide, p 39 | G3 Matatag Curriculum Guide, p 39 | G3 Matatag Curriculum Guide, p 39 |

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| *B. Iba pang Kagamitan* | LAS, graf, mga larawan | LAS, jigsaw puzzle, mga larawan | LAS, bidyo, mga larawan, krayola | LAS, bidyo, mga larawan, mga kagamitan sa libangan |

| |
|---|
| **IV. MGA PAMARAANG PANTURO AT PAMPAGKATUTO** |
| **Bago Ituro ang Aralin** |


| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| *Panimulang Gawain* | A. Balik-aral sa ikaapat na linggo<br><br>B. Pagganyak<br>Magpakita ng dalawang larawan.<br>Unang larawan (lumang larawan ng komunidad) at ikalawang larawan (mga kasalukuyang larawan ng komunidad).<br><br> | A. Balik-aral sa unang araw ng ikalimang linggo<br><br>B. Paggan<br>yak Jigsaw<br>Puzzle<br>Pangkatin ang klase sa apat na grupo at maghanda rin ng apat na larawan.<br><br>Larawan A- Tradisyonal na paraan ng pagsasaka<br><br>Larawan B- Pagtatrabaho mula sa bahay gamit ang teknolohiya tulad ng telecommuting o Work from Home, freelance work, at online jobs.<br><br>Larawan C- Paggamit ng mga maliit na bangka at lambat para mangisda sa mga ilog, lawa, o dagat.<br><br>Larawan D- Pag-unlad at paggamit ng teknolohiya para sa pagtuturo at pag- aaral tulad ng learning management systems, educational apps, at virtual classrooms.<br>Ibigay ang larawan sa bawat grupo. Bubuoin ng | A. Balik-aral sa ikalawang araw ng ikalimang linggo<br><br>B. Pagganyak<br>Tara, i-classify mo ako!<br>May mga larawan na nakapaskil sa pisara at Isa-isahing kukunin at ididikit sa tamang hanay. Tatawag ang guro ng mga batang magsasagot.<br><br>Limang larawan ng mga pananamit noon<br><br>Limang larawan ng mga pananamit ngayon | A. Balik-aral sa ikatlong araw ng ikalimang linggo<br><br>B. Pagganyak<br>Pagpapanood ng bidyo ukol sa makalumang libangan<br>https://youtu.be/_fkS8Y8Npfk<br><br>Gabay na Tanong:<br><br>1. Ano-anong libangan o laro ang ipinakita sa bidyo?<br><br>2. Ginagawa mo rin ang mga ito? Masaya ka bang naglaro ng mga ito? |

| Hanay A | Hanay B |
|---|---|

| Mga pananamit noon | Mga pananamit ngayon |
|---|---|

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| | Gabay na Tanong:<br>1. Ano-ano ang inyong nakita sa larawan A? sa larawan B?<br>2. May pagbabago bang naganap? Ano ang mga ito? | mga bata ang larawang ginupit sa anim na bahagi. Ang unang grupong makatapos sa pagbuo ng jigzaw puzzle ay bibigyan ng mataas na puntos.<br><br>Sasabihin ng mga mag- aaral kung anong uri ng kabuhayang ito at tutukuyin kung ito'y<br>makabago o makalumang kabuhayan. | | |
| *Gawaing Paglalahad ng Layunin*<br>*ng Aralin* | Ilalahad ng guro ang layunin ng aralin.<br><br>Pagbabagong naganap sa kinabibilangang komunidad (Tao at Populasyon) | Ilalahad ng guro ang layunin ng aralin.<br><br>Pagbabagong naganap sa kinabibilangang komunidad (Kabuhayan) | Ilalahad ng guro ang layunin ng aralin.<br><br>Pagbabagong naganap sa kinabibilangang komunidad (Pananamit) | Ilalahad ng guro ang layunin ng aralin.<br><br>Pagbabagong naganap sa kinabibilangang komunidad (Libangan) |

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| *Gawaing Pag-unawa sa mga Susing-Salita/Parirala o Mahahalagang Konsepto sa Aralin* | Babasahin ng guro ang mga salitang may kaugnayan sa paksa. Ibibigay ang kahulugan nito.<br><br>Ang **tao** ay isang nilalang na may kakayahang mag-isip, makaramdam, at makipag-usap. Siya ay may katawan, isip, at damdamin na ginagamit upang makisalamuha sa iba at gumawa ng mga desisyon sa buhay. | Babasahin ng guro ang mga salitang may kaugnayan sa paksa.<br>Ibibigay ang kahulugan nito.<br><br>Ang kabuhayan, pananamit, at libangan ay magkakaugnay dahil ang uri ng hanapbuhay ng isang tao ay maaaring makaapekto sa kanilang pananamit at uri ng libangan. Halimbawa, ang mga nagtatrabaho sa opisina ay may pormal na pananamit at maaaring mas gusto ang mga | Babasahin ng guro ang mga salitang may kaugnayan sa paksa. Ibibigay ang kahulugan nito.<br><br>Pananamit- Ang pananamit ay tumutukoy sa mga damit o kasuotan na isinusuot ng tao upang takpan at protektahan ang katawan.<br>Maaari din itong maglingkod bilang isang paraan ng pagpapahayag ng sarili, kultura, at identidad. Ang istilo at uri ng pananamit ay nag-iiba-iba depende sa iba't ibang salik tulad ng | Sasabihin ng guro na bawat komunidad na kinabibilangan ay may mga batayang impormasyon gaya ng:<br><br>Ang libangan ay tumutukoy sa mga gawain o aktibidad na ginagawa ng isang tao sa kanyang libreng oras upang magbigay kasiyahan, magpahinga, at mapasaya ang sarili. Halimbawa nito ay ang pagbabasa, panonood ng pelikula, paglalaro ng sports, at pakikinig ng musika. |

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| | Ang **populasyon** ay tumutukoy sa kabuoang bilang ng mga tao na naninirahan sa isang partikular na lugar, bansa, o rehiyon sa isang takdang panahon.<br><br>Ang **graf** ay paraan para madaling maunawaan at mabigyang kahulugan ang mga impormasyon. Ito ay ginagamitan ng mga simbolo . | libangan na may kinalaman sa pagpapahinga, samantalang ang mga manggagawa sa bukid ay mas komportable sa kasuotang angkop sa kanilang trabaho at karaniwang libangan ay may kinalaman sa kalikasan.<br><br>Kabuhayan- mga pinagkakakitaan o pinag - kukunan ng pang-araw- araw na gastusin.<br><br>Mga halimbawa ng pagbabago sa komunidad ayon sa kabuhayan<br><br>Noon<br>-Paggamit ng kalabaw o baka para sa pag-aararo sa bukid at karaniwang pagtatanim ng palay, mais, at iba pang pananim.<br><br>-Paggamit ng mga maliit na bangka at lambat para mangisda sa mga ilog, lawa, o dagat.<br><br>-Paggamit ng tradisyonal na habihan para gumawa ng tela, banig, at iba pang produktong yari sa seda o himaymay o seda ng | klima, okasyon, at personal na kagustuhan.<br><br>Marami na ang binago sa panahong ito. Lalo na sa ating pananamit na pang - araw-araw nating ginagawa. Isa sa salik ng pagbabago ng ating pananamit ay ang social media. Napapansin mo ba na kung ano ang usong damit ngayon ay ginagamit na ng karamihan.<br><br><br><br>Noon ang pananamit nila ay napakahinhin. Sila ay balot na balot. Filipiniana ang katawagan sa kasuotan noong unang panahon na ngayon ay isang kasaysayan na lamang. Dahil kung ika'y nakasuot ng Filipiniana sa panahon ngayon iisipin ng mga tao ay may dadaluhan kang pormal na pagdiriwang. Noong araw, ang mga kababaihan ay | Mga halimbawa ng pagbabago sa komunidad ayon sa libangan<br><br>Noon<br>- Tradisyonal na mga laro tulad ng patintero, luksong tinik, sipa, tumbang preso, at piko.<br><br>- Pagpapalitan ng mga kuwento, alamat, at kasaysayan ng bayan.<br><br>- Sayawan tuwing pista o sa mga espesyal na okasyon, kadalasan sa plasa o sa gitna ng baryo.<br><br>- Isang laro sa mga handaan kung saan sinisikap ng mga bata na makuha ang mga nakasabit na premyo.<br><br>- Mga paligsahan at laro tuwing pista ng bayan tulad ng palo sebo, agawang buko, at karera gamit ang sako.<br><br>Ngayon<br>- Ang paglalaro ng video games at online games ay naging sikat na libangan, lalo na sa kabataan gaya ng mobile legends, the Guardian, play stations at iba pa.<br><br>- Ang mga serbisyo ng streaming tulad ng Netflix, |

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| | | abaka, rattan, o iba pang materyales.<br><br>-Paggawa ng mga palayok at iba pang kagamitan sa kusina gamit ang putik o luwad.<br><br>-Tradisyonal na paraan ng pagsasaka sa pamamagitan ng pagkakaingin o slash-and-burn farming kung saan sinusunog ang kagubatan upang gawing taniman.<br><br>Ngayon<br>-Pagtatrabaho mula sa bahay gamit ang teknolohiya tulad ng Work from Home, freelance work, at online jobs.<br><br>-Pagtatag ng mga negosyo na nakabase sa teknolohiya tulad ng software development, apps, e-commerce platforms, at iba pang tech-based solutions.<br><br>-Pag-unlad at paggamit ng teknolohiya para sa pagtuturo at pag-aaral tulad ng learning management systems, educational apps, at virtual classrooms. | labis na mahinhin, at balot ng kasuotan ang kanilang katawan. Noon, hindi pa uso ang internet at social media. At hindi pa uso ang sobrang maiksing suot.<br><br>Sa panahon ngayon ang laki na ng pinagbago pagdating sa pananamit. Ang isa sa dahilan nito ay ang pag- usbong ng social media lalo na sa kabataan. Dahil sila ay mas madaling maimpluwensiyahan ng social media. (https://pinoykidsblog.wordpress.com/2016/10/19/pagbabago-ng-kasuotan-sa-pagdaan-ng-panahon/). | YouTube, at Spotify ay pinalitan ang tradisyonal na panonood ng TV, pakikinig sa radyo, at pagbabasa ng diyaryo. Ito ay nagbigay-daan sa kakayahang mag-access o gamitin ang isang serbisyo, nilalaman, o produkto anumang oras ayon sa kagustuhan ng gumagamit, nang hindi kinakailangang sumunod sa isang takdang oras o iskedyul na panonood at pakikinig.<br><br>- Pagdami ng pasilidad ng gymnasium at fitness centers na nag-aalok ng modernong kagamitan at iba't ibang fitness programs tulad ng yoga, pilates, at Zumba.<br><br>- Ang mga tao ay sumasali o lumalahok sa mga Facebook groups, Reddit, at iba pang online forums para pag-usapan ang kanilang mga libangan at interes.<br><br>- Dahil sa pandemya, naging sikat ang mga virtual concerts at performances na maaaring mapanood mula sa sariling tahanan. |

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| | | - Paglikha ng digital na content tulad ng videos, podcasts, blogs, at social media content.<br><br>-Pagbili at pagbebenta ng mga produkto at serbisyo online gamit ang mga e-commerce platforms. | | |
| **Habang Itinuturo ang Aralin** | | | | |

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| *Pagbasa/ Pag- unawa sa Mahahalagang Ideya* | Pagbasa ng maikling kuwento.<br><br>Barangay Masagana, Nagkakaisa!<br><br>Sa isang maliit na bayan na dating tahimik at payapa, naroroon ang Barangay Masagana. Dito naninirahan si Mang Pedro, isang magsasaka na kilala sa kanyang sipag at pagmamahal sa kanyang taniman ng gulay. Sa bawat umaga, nakikita si Mang Pedro na masigasig na nag- aalaga ng kanyang taniman upang matustusan ang pangangailangan ng kanyang pamilya.<br>Ngunit isang araw, dumating ang mga balitang magkakaroon | Pagbasa/Pagbigkas ng tula<br><br>Kabuhayan Noon at Ngayon<br><br>Noon sa bukid, buhay ay payapa,<br>Mga magsasaka'y nag- aararo sa lupa,<br>Sapat ang ani sa pang-araw-araw,<br>Kahit simple, puso'y laging masaya't matibay.<br><br>Ngayon ay nagbago, umunlad ang bayan,<br>Negosyo'y dumami, trabaho'y nagdaan,<br>Mga pabrika't tindahan, abala sa paggawa,<br>Kita'y lumago, buhay ay nag-iba.<br><br>Sa kabila ng progreso, may hamon na dala,<br>Trapiko't polusyon, sa lungsod ay problema, | Panuto:<br>Maaaring mag-imbita ang guro ng nakatatandang kakilala na may sapat na kaalaman upang magkuwento tungkol sa pagbabagong naganap sa pananamit. | Pangkatang Gawain Ang mga mag-aaral ay papangkatin sa dalawang grupo.<br><br>Unang grupo-magsasagawa ng mga tradisyonal na mga gawain. Pipili ng dalawang libangan.<br>a. Tatsing<br>b. Pagbabasa ng aklat<br>c. Palo Sebo<br>d. Karera gamit ang sako<br><br>Ikalawang grupo-maglalaro ng mga makabagong gawain.<br>Pipili ng dalawa sa ibaba na lalaruin.<br>a. Mobile legend<br>b. Roblox<br>c. The Guardians<br><br>Tala sa guro: Ang mga mag- aaral ay maaaring magmungkahi ng gusto nilang laruin. |


| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| | ng malaking proyekto sa kanilang bayan.<br>Itatayo ang isang bagong residential subdivision upang magbigay ng mga bahay sa mga pamilyang naghahanap ng mas murang tirahan malapit sa lungsod. Sa simula pa lamang, naroon na ang agam- agam at pangamba sa mga residente kung ano ang magiging epekto sa kanilang pamumuhay.<br><br>Sa loob lamang ng ilang buwan, nagsimula na ang pagtatayo ng mga bagong gusali at bahay sa mga dating taniman at bukirin ni Mang Pedro. Dumami ang mga bagong residente na lumipat sa bayan, at ang dating maluwag na mga kalsada ay unti- unting nagiging masikip. Nabawasan din ang mga taniman ng gulay ni Mang Pedro upang bigyan daan sa mga bagong tahanan. Napag-alaman ni Mang Pedro sa kanilang barangay ang | Ngunit may pag-asa, sa tulong ng lahat,<br>Pagbabago'y gaganda, kung tayo'y magtutulungan.<br><br>Kabuhayan noon at ngayon, magkaibang yugto,<br>Ngunit aral ay iisa, sa puso'y totoo,<br>Ang tunay na yaman, hindi lang sa pera,<br>Kundi sa pagkakaisa, pag- ibig, at pagkalinga. | | |





sumusunod na datos ng kanilang populasyon:

| Taon | Bilang ng Populasyon |
|---|---|
| 1995 | 950 |
| 2000 | 1750 |
| 2005 | 2500 |
| 2010 | 3100 |
| 2015 | 3700 |

Ngunit hindi rin naiwasan ang mga hamon. Dumami ang basura sa mga kalsada, at ang dating malinis na ilog ay unti-unting nagkaroon ng polusyon. Upang matugunan ito, nag-organisa ang barangay ng mga volunteer para sa regular na paglilinis ng kapaligiran. Nagtulungan ang mga residente upang mabawasan ang polusyon at maibalik ang kalinisan sa kanilang komunidad.



| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| *Pagpapaunlad ng Kaalaman at Kasanayan sa Mahahalagang Ideya* | Gabay na Tanong:<br>1. Ano ang pamagat ng kuwentong binasa/pinakinggan?<br>2. Ano ang hanapbuhay ni Mang Pedro?<br>3. Batay sa kuwentong binasa/napakinggan, ano-ano ang pagbabagong naganap sa komunidad sa Barangay Masagana? | Gabay na Tanong:<br>1. Ano-anong pagbabago sa kabuhayan ang nasambit sa tulang binasa?<br>2. Sa inyong lugar na kinabibilangan, ano-ano ang inyong mga nakitang pagbabago ayon sa kabuhayan? | Gabay na Tanong:<br>1. Batay sa kuwento ng naimbitahang panauhin, ano-anong pagbabago sa pananamit ng mga tao?<br>2. Ano kaya ang nag-udyok sa kanila upang magbago ng pananamit?<br>3. Magbabago ka rin ba ng iyong pananamit upang makasunod sa panahon? Bakit? | Ipagpapatuloy sa pagsasagawa ng mga mag-aaral sa pangkatang gawain. |

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| *Pagpapalalim ng Kaalaman at Kasanayan sa Mahahalagang Ideya* | Panuto:<br>Batay sa datos sa kuwentong binasa, narito ang isang graf:<br><br><br>1. Ilan ang bilang ng populasyon noong 2015?<br>a. 950<br>b. 1750<br>c. 2500<br>d. 3100<br>e. 3700 | Panuto:<br>Basahing mabuti ang mga pangungusap sa bawat bilang at kahunan kung ito ay tumutukoy sa pagbabagong kabuhayan noon at ngayon.<br><br>Noon Ngayon 1. Ang pangangaso ay isa sa mga kabuhayan ng mga tao.<br>Noon Ngayon 2. Maraming mga call center hubs na makikita sa bayan.<br>Noon Ngayon 3. Paggamit ng mga modernong makina sa pagtatanim<br>Noon Ngayon 4. Nagkaroon ng mga naglalakihang pabrika sa komunidad.<br>Noon Ngayon 5. Paggamit ng kalabaw o baka para sa | Panuto:<br>Pagpapanood ng bidyo ukol sa pananamit noon at ngayon.<br><br>Ang guro ay maaaring maghanap ng iba pang bidyo tungkol sa mga pananamit noon at ngayon. | Ipagpapatuloy sa pagsasagawa ng mga mag-aaral sa pangkatang gawain |
| | 2. Ano ang napansin ninyo sa datos ng bilang ng populasyon? | pag-aararo ng bukid at katuwang sa pagtatanim. | | |
| **Pagkatapos Ituro ang Aralin** | | | | |

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| *Paglalapat at Paglalahat* | Gabay na Tanong:<br>1. Nagbabago ba ang isang komunidad?<br>2. Batay sa inilahad na aralin, ano ang mga pagbabagong naganap sa komunidad? | Gabay na Tanong:<br>Sa inyong lugar na kinabibilangan, ano-anong naganap na pagbabago sa komunidad na nakatuon sa kabuhayan? Ilarawan ang mga ito. | Gabay na Tanong:<br>1. Patungkol saan ang bidyong inyong pinanood?<br>2. Ano-anong pagbabago sa pananamit ang ipinakita sa bidyo?<br>3. Ano ang masasabi mo sa pagbabago ng mga pananamit ng tao? | Gabay na Tanong:<br>1. Ano ang napiling libangan ng iyong grupo, makaluma o makabagong libangan?<br>2. Ano ang natutuhan mo sa natapos na pangkatang gawain?<br>3. Kung papipiliin ka ng libangan, alin ang pipiliin mo, makaluma o makabago? Bakit? |
| *Pagtataya ng Natutuhan* | Panuto:<br>Gumawa ng isang simpleng graf batay sa datos sa ibaba at sagutin ang mga tanong:<br><br>Bilang ng mag-aaral sa Paaralang Elementarya ng Masagana | Panuto:<br>Lagyan ng tsek (/) ang bawat bilang kung ang pangungusap ay nagsasaaad ng pagbabago sa komunidad sa kabuhayan at ekis (x) naman kung hindi.<br>_1. Paggamit ng tradisyonal na habihan para gumawa ng tela, banig, at iba pang produktong yari sa himaymay o seda ng abaka, rattan, o iba pang materyales.<br>_2. Paggamit ng online platforms at tools para sa pagmemerkado at pag- | Panuto:<br>Kulayan ng pula ang puso kung ang larawan ay nagpapakita ng pananamit noon at kulay berde naman<br>kung hindi.<br>♡ 1. <br>♡ 2. <br>♡ 3.  | Panuto:<br>I-classify mo ako! Panuto:Uriin ang mga larawan sa ibaba. Lagyan ng **1** ang<br>kahon kung ito ay makaluma at **2** naman kung ito'y makabagong libangan.<br>☐ <br>☐ <br>☐  |

| Taon | Bilang ng mag-aaral |
|---|---|
| 2020 | 400 |

| | |
|---|---|
| 2021 | 450 |
| 2022 | 500 |
| 2023 | 550 |

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| | Sagutin ang sumusunod na tanong<br>1. Anong taon ang may pinakamaraming bilang ng mag- aaral?<br>2. Ano ang bilang ng mag-aaral sa taong 2023?<br>3. Anong taon ang may pinakaunting bilang ng mag-aaral?<br><br>**Tala sa Guro**: Ang guro ay gagawa ng pamantayan sa pagmamarka sa natapos na graf. | promote ng mga produkto at serbisyo.<br>_3. Paglikha ng digital na content tulad ng videos, podcasts, blogs, at social media content.<br>_4. Paggamit ng nakagawiang paraan ng pagpapatuyo ng isda upang maging daing o tuyo.<br>_5. Pag-unlad at paggamit ng teknolohiya para sa pagtuturo at pag-aaral tulad ng learning management systems, educational apps, at virtual classrooms. | ♡ 4. <br>♡ 5.  | ☐ <br>☐ <br>☐ <br>☐  |
| *Mga Dagdag na Gawain para sa Paglalapat o para sa Remediation (kung nararapat)* | Sa tulong ng magulang, ang mga bata ay gagawa ng isang graf ng bilang ng populasyon sa taong 2022 - 2024 sa kanilang lugar mula sa opisina ng punong barangay. | | **Pagmomodelo**<br>Ang mga bata ay magbibidyo o magpapakuha ng larawan habang suot ang napiling kasuotan noon at ngayon at ipapadala ang awput sa messenger ng guro<br>o ipapakita ito sa kanilang guro. | |
| *Mga Tala* | | | | |
| *Repleksiyon* | | | | |